

PROLOGUE



"**M**ama, she's very pretty," puno ng paghangang komento ni Leon habang titig na titig sa magandang mukha ng batang babae sa unahan, malapit sa buffet table. The little girl looked like a princess in her baby pink dress and doll shoes.

Pilit na hinihila ni Leon ang laylayan ng bestidang suot ng ina para kuhanin ang atensyon nito. Nasa engrandeng pagtitipon sila ni Mrs. Maria Fernanda Viste na kakilala ng mga magulang niya. Kaarawan ni Maria Fernanda at naturalmente na hindi basta-basta ang selebrasyon. The woman had the grandest party at sea in one of the biggest cruise ships!

Leon was only eight years old. Malaking bulas. His skin shone under the silvery moonlight. Namana niya ang kulay almendras na balat sa Pilipinang ina. Ang ama niya ay kalahating Kastila kaya mamula-mula naman ang kutis niya.

Yumukod ang ina at hinagod palikod ang kanyang buhok na dahil hindi pa nagugupitan at bahagya nang umabot sa kanyang mga mata. His

eyes were the color of honey in the sun. Pale yet warm. “Yes, she is, sweetheart. Let’s talk to her, shall we?” aya sa kanya ng ina.

Marahan siyang inalalayan ng ina palapit sa batang babae. Kasama nito ang mama nitong katulad nito ay ubod din ng ganda.

“Magandang gabi, amiga!” magiliw na pagbati ni Lorena, ang kanyang ina, sa mas nakatatandang babae katabi ng magandang bata. “Maria Fernanda, *feliz cumple!* By the way, this is my son, Leon.”

Tumingin sa kanya ang tinawag na Maria Fernanda saka ngumiti. “Hello, Leon. Well, aren’t you a handsome fellow!” Pinisil ng babae ang baba niya bago nilingon ang anak na kanina pa nakamasid at tahimik na nakikinig sa kanila. “And this is my unica hija, Valeria.”

Tumingala si Valeria sa kanya dahil mas matangkad siya rito nang kung ilang pulgada. Her eyes were the palest shade of brown. Alam niyang may dugo rin itong Kastila kagaya niya.

He smiled at her. “Hi, Valeria.”

Ngumiti rin ito. “Hello, Lion.” Ang pagkakasambit nito sa pangalan niya ay ‘la-yon’ imbes na ‘le-yon.’

He shook his head. “No, it’s Leon. Le-yon,” pagtatama niya.

The little girl grinned naughtily. “Lion. Layon.”

Napabuga siya ng hangin at napangiti na lang. “Fine, kung iyan ang gusto mong itawag sa akin.” Inilahad niya ang kamay sa batang babae. Tinanggap naman ni Valeria ang pakikipagkamay niya.

“How old are you, Valeria?” tanong niya.

“I’m six.”

“Dalawang taon lang ang agwat natin. I’ll wait until you’re eighteen, then I’ll marry you,” deklara niya.

Kapwa napatawa sina Lorena at Maria Fernanda sa kanyang sinabi.

“Will you really marry my little Valeria, Leon?” tanong ni Maria Fernanda.

“Yes, Tita. I will marry your daughter.”

“Mama, I’m hungry. Let’s go!” ingos ng batang babae sa ina, wala na sa kanila ang atensyon nito kundi nasa Chocolate Mousse sa buffet table na.

“Please excuse us.”

Kahit wala na sa harapan ay nakangiti pa rin si Leon. “Mama, I swear papakasalan ko si Valeria kapag eighteen na siya at twenty na ako.”

“Oh, sure, sweetheart, kapag malaki na kayo.” Dumating ang isa pang amiga ng mama niya at

natuon sa kausap ang atensyon nito.

He frowned. Hinanap ng mga mata niya si Valeria. Wala na ito sa buffet table. Sumiksik siya sa tumpok ng mga taong nagkakasiyahan. Gusto niyang makita ang magandang mukha ng bata, makasama ito, at mahawakan ang maliit nitong kamay. Natanaw niya si Valeria sa gilid ng railing. Nakatiyad ito at nakatitig sa malawak na tubig sa ibaba.

Kaagad siyang kinabahan lalo na nang makitang umakyat ang bata sa barandilya. Luminga siya sa paligid. Wala ang mama nito. Hindi na siya nag-isip pa at tinakbo ang distansyang nakapagitan sa kanila. He pulled her away from the railing.

“Valeria, what were you doing? Baka mahulog ka!” galit niyang saway sa bata. Iglap ding naglaho ang galit niya nang makitang umiiyak ito.

“What’s wrong, Valie?” Iyon ang gusto niyang itawag sa magandang bata.

“My *Barbie!*” Itinuro nito ang manyikang sumabit sa kung ano. Iyon pala ang pilit nitong tinitingnan kanina pa. “Please, you have to get it. I want my baby Susie back.”

Bumuntong-hininga si Leon. “Ibabalik ko sa ’yo si Susie, basta diyan ka lang.”

Sinubukan niyang abutin ang manyika. Sinagad

na niya ang pagtiyad. Pumatong siya sa pahalang na bakal. Nahawakan na niya ang buhok ni Susie, pero bigla siyang nawalan ng balanse at dumausdos. Nahindik siya at bago pa niya makuhang sumigaw ay bumulusok na siya pababa.

Bago siya tuluyang nilamon ng nakakatakot na tubig ay narinig pa niya ang matinis na sigaw ni Valeria.

“Leon!”

1



"Look who's here," siko ni Clay Santa Maria kay Leon.

Si Clay ang General Director ng *Santa Maria Imperium* o *SMI*. Dati na silang magkaibigan. They both finished their MBA Degree in London. Ngayon ay may-asawa na ito.

Nasundan niya ng tingin ang pinagmamasdan ni Clay. Si Valeria!

Kilala ni Clay si Valeria. Naipakilala na niya rito dati ang dalaga.

"Your on-and-off girlfriend," dagdag nito.

"Ex-girlfriend," pagtatama niya.

Tumawa si Clay. "Whatever, Leon. Parang hindi naman kayo naghiwalay." In-straight nito ang natitirang laman ng hawak na bote ng alak pagkatapos ay tumayo na.

"Saan ka pupunta?"

"I'm going home. Naghihintay ang asawa at anak ko sa bahay."

Pumalatak siya. "Alright, off you go!"

Pagkaalis ng kaibigan ay tumuon na ang buong

atensyon niya sa dalagang maharot na nagsasayaw sa dance floor. All eyes were on her. Hungry eyes. Para itong masarap na sisiw na pinagpaplanuhang dagitin ng mga gutom na agila.

Sino ba kasi ang hindi maaakit dito? She was wearing an extremely revealing red dress. Ni hindi umabot sa kalahati ng hita nito ang haba niyon. Backless pa iyon at mababa ang neckline. He even thought the dress may be one size smaller, dahil kapit na kapit ang tela sa katawan nito.

Inubos ni Leon ang iniinom na beer at nilapitan ang dalaga. Walang pasabing bigla na lang pumulupot ang mga braso niya sa makipot nitong baywang.

Napasinghap ang dalaga. “Leon!”

“So, you’re back,” he whispered hotly in her ear, inching closer. Halos tatlong buwan siyang walang balita rito. Nagbakasyon sa Amerika ang dalaga upang makasama ang mga magulang. Nawili roon kaya nagtagal.

“Yes, and it’s good to be back!” Lumapad ang ngiting nang-aakit nito.

The woman grabbed him closer. Magkalapat na ang kanilang mga katawan. He uttered a curse under his breath when he felt her familiar softness.

“May pasalubong ka ba sa akin?” tanong ni Leon.

Kumislap ang mga mata nito. “Yes, and I’m wearing it now. Valentine red G-string.”

Gumalaw ang mga panga niya sa pagsiklab ng pagnanasa sa bawat ugat ng kanyang katawan. Matagal silang nagtitigan. Pagkatapos ay kinabig niya ang batok nito at mariing siniil ng halik ang naghihintay nitong mga labi. His tongue slithered sensually into her mouth and dueled with hers. Palaban pa rin talaga ito at tinugon nang buong alab ang mga halik niya.

“Let’s get out of here, Valeria. Come with me.”

“Sa lugar na pribado at malaya nating magagawa ang gusto natin?” nanunuksong tanong nito.

Umangat ang isang sulok ng labi niya. “Yes.”

“Your place?”

“As usual.”



Leon choked out a groan as he poised the tip of his steel hard c*ck at Valeria’s p*ssy. Nakaupo siya sa kama at nakasandal sa headboard, habang nakapatong sa kandungan niya ang babae.

He held her hips, guiding her, as she lowered down herself. Her c*nt closed tight around his

c*ck. Mariing napapikit si Leon kasabay ng ilang ulit na pagmumura. He couldn't help it. Valeria was so hot!

Dumiin ang pagkakahawak ng dalaga sa mga balikat niya. Her head fell back.

“Leon!” sambit nito sa pangalan niya na sinundan ng mahabang pag-ungol. She raised her hips, her wet p*ssy sliding up and down his huge and proud c*ck.

Sinapo ni Leon ang magkabilang dibdib ng dalaga at mainit na pinaliguan ng halik. His mouth closed tight around her nipples, sucking them one after the other.

Her moans intensified. “Faster, baby?” paanas na tanong ni Valeria.

“Yes!” He grabbed her back and pulled her closer to him. Siya na mismo ang nag-aangat sa katawan ng katalik, ang nagdidikta sa ritmo ng kanilang pagniniig. He held her gaze. “Valie, baby, kiss me,” utos niya.

The woman obliged. She angled her head and kissed her wildly, thrusting her tongue into his mouth. Tinapos nito ang halik upang halikan naman ang punong tainga niya. “You can c*m inside me, baby. It's only the second day after my period ended,” she whispered in his ear, the tone

of her voice teasing.

He growled. Lalong sumabog ang apoy sa bawat himaymay ng kanyang katawan. One thing he liked most about Valeria was she would allow him to unload inside her from time to time. Hanggang tatlong araw pagkatapos ng buwanang dalaw nito. “Good girl.” Bumilis nang bumilis ang paggalaw ng kanilang mga katawan.

Lumakas at humaba ang pag-ungol ni Valeria. Mapusok niyang kinagat ang ibabang labi nito. “Shhh, dinig na dinig ang mga ungol mo sa labas.” Valie was a screamer in bed. Maingay katalik pero gusto niya iyon. She made him feel like he was the best lover in the world.

She giggled. “Sanay na sa akin sina Manang Aida at Manang Fe,” tukoy nito sa dalawang kasambahay niya.

Totoo iyon, kilalang-kilala na ito ng dalawa na parehong nasa kuwarenta na ang edad. Labas-masok naman siya sa bahay at sanay na ang mga itong bigla siyang nawawala at mayamaya’y susulpot bigla na parang kabute.

“Fine, scream all you want, baby.” Iyon lang at lalo pa niyang binilisan ang paggalaw hanggang sa tila nagagahol na sila sa oras at sabay nilang nakamtan ang rurok ng nakababaliw na

kaligayahan.



Tulog pa si Valeria at nakalatag ang hubad na katawan sa kama niya. Pagod na pagod ito sa buong gabi nilang pagniniig samantalang siya ay bihis na bihis na.

He's the CEO of *Rodrigazo Mining and Power Corp.* Hindi puwedeng hindi siya pumasok.

"Valie, baby, I have to go," bulong niya sa tainga ng dalaga, yumukod, at ginawaran ng halik ang nakaawang nitong mga labi.

Umungol lang ang babae. "Kay."

He smiled. On and off ang estado nila ni Valeria for ten years now, since college. Hindi niya alam kung ano ang maaaring itawag talaga sa kanila. Fling? Ex-lovers with benefits? F*ck buddies?

Now, he's thirty. And she's twenty-f*cking-eight. Hindi natuloy ang ipinangako niyang magpapakasal sila kapag eighteen na ito at twenty na siya.

The Viste's went to the US when Valie was twelve. Bumalik lang ito ng Pilipinas para magkolehiyo. Ito raw mismo ang humimok sa mga magulang para payagan itong sa Pilipinas tapusin ang pag-aaral. She stayed with her grandmother,

Lola Pasion. The old woman was deaf. Wala itong ginawa buong araw kundi maggantsilyo.

Ang kuwarta ng matanda ay nasa itaas ng sinaunang bahay na may dalawang palapag. Taong 1946 ipinatayo ang bahay pagkatapos ng World War II. Ang silid naman ni Valeria ay nasa ibaba. Madalas ay hindi lumalabas ng silid ang matanda.

He met Valeria again when he was twenty in a disco bar. She was wild, liberated, and loud. She flirted with him. Hindi na ito ang batang naaalala niya noon. Gone was the sweet smile and innocent eyes. Ang pumalit ay ngiting nang-aakit. They danced once then f*cked the whole night. He was her first though. Nagulat siya sa bagay na iyon lalo na at matagal itong nanirahan sa Amerika, pero ano ba ang malay niya kung siya ang natipuhan nitong pag-alayan ng virginity card para sa wakas ay maibasura na iyon?

After that night, they f*cked again and again every time they got the chance. Madalas ay doon sila sa bahay ni Lola Pasion. Wala namang maririnig ang matanda kahit na i-full volume nila ang mga ungol at halinghing. Opisyal silang naging magnobyoy. Unfortunately, it didn't work out.

Naghiwalay sila nang kung ilang buwan pero nang magkitang muli ay ganoon pa rin sila kapusok sa isa't isa. Hindi na sila pumasok sa seryosong relasyon. Kapag magkasama sila, 'sila.' Kapag hindi, ibig sabihin n'un, walang 'sila.' Kapag nagkaka-girlfriend siya, natural at automatic na hindi sila. Ganoon din ito. They didn't need to actually break up to cut ties. It was automatic. Kaya on and off ang kanilang estado.

"I'm hungry," paos ang tinig na sabi ni Valeria. Humikab ito at in-stretch ang mga braso.

"May pagkain sa fridge. Pakisabi na lang kay Manang Aida na initin."

Tumango ito, kinusot ang mga mata. "Aalis ka na?"

"Yes. Ikaw na ang bahala rito sa bahay ko, Valie. Don't make a mess in my kitchen, huwag mo ring iwanang nakabukas ang TV. And lock the door when you leave."

"Yezzir!"

"Sige na, I'll be late for work."

"Tekal!"

Nilingon niya ang dalaga. "Yes?"

Pinatulis nito ang nguso. "Where's my goodbye kiss?"

Napangiti si Leon at mabilis na nilapitan si

Valeria at hinalikan ito sa labi. “There’s your kiss, happy?”

She giggled. “Very. Okay, shoo, *mon amour!*”

Ganoon kasimple ang setup nila. And he liked it. Nagkakaintindihan sila at walang komplikasyon. It was as simple as ABC.



“What happened to Bruce?” usisa niya kay Valeria.

Magkatabi sila sa sofa at magkasalo sa isang bowl ng barbeque-flavored popcorn—their favorite. Lamigin ang mga paa ng babae kaya may nakaimbak siyang pink socks sa cabinet. Isinuot niya iyon kanina sa mga paa ng dalaga bago sila nagsimulang manood ng *Supernatural* series.

“Bruce? I got tired of that a*shole so I ditched him.” Ang lalaki ang pinakahuli nitong naging nobyo, at bago nagtungo ng Amerika ang dalaga ay may relasyon pa ang dalawa.

“That easy?”

“That easy. Ikaw, whatever happened to you and Cassie?”

“She became a drama queen,” maikli niyang tugon.

Hindi naman siya takot sa commitment, he just didn’t feel like settling down yet. Maybe soon,

pero hindi pa ngayon. At ang mga nakakarelasyon niya lately ay nagdi-demand agad ng kasal. Gusto niyang mainis minsan. What's with women and weddings?

Okay na sana iyong Cassie kung hindi lang ito madalas mangulit na magpakasal na sila, na minsan ay idinadaan pa nito sa pag-iyak. Na kesyo gusto na raw nitong magka-baby habang bata pa para healthy genes ang maipasa sa magiging anak. My God! Nakukulili ang tainga niya. So, he broke up with her.

Napa-“Ohhh...” lang si Valeria.

“Kailan ka pa dumating?” tanong niya.

“Yesterday. Natulog lang ako at nag-party na kinagabihan.”

“And when are you planning to tell me that you're back? Kung hindi pa kita nakita sa bar, hindi ko pa malalamang nandito ka na uli sa Pilipinas.”

“May susi ako ng bahay mo. I was really planning to surprise you last night, pero naunahan mo ako.” Muli na nitong itinuon ang mga mata sa TV. “That *Dean* guy is really cute,” komento nito. “And hot,” tukoy nito sa isa sa dalawang bida ng *Supernatural*.

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Hotter

than me?"

"Way hotter than you, La-yon." She chuckled. Kapag nang-iinis si Valeria ay 'Lion' ang tawag nito sa kanya.

"Talaga lang, ha." Inagaw niya ang bowl ng popcorn at inilapag iyon sa mesita.

"Hey!" reklamo agad ng dalaga.

Bago pa ito makapalag ay hinatak na niya ang paa nito hanggang sa mapahiga ito sa sofa. Saka mabilis niyang kinubabawan si Valeria. He pulled down her pajama pants and found that there was nothing underneath.

"Naughty." Kumislap ang mga mata niya. He rolled down his sweatpants and shoved his c*ck straight into her c*nt. "Holy f*ck, you are already wet!" He pounced into her again and again. "Kanina mo pa ba 'to gustong mangyari? Oh baby, all you have to do is ask."

His eyes darkened as their lower bodies slammed against each other. Valeria was so f*cking wet he thought it was impossible for a woman to be this drenched in her own love juices.

2



Paggising niya kinaumagahan ay wala na sa tabi niya si Valeria. Ang naiwan na lang ay ang mabangong amoy ng cherry blossom—her perfume. She loved spraying the mist lavishly behind her ears, on her wrists, and on her neck. And he loved her scent. Gusto niyang ibaon pa sana ang kanyang mukha sa unang ginamit ng dalaga. Pero kailangan na niyang bumangon.

Naligo si Leon, nagsepilyo, at nagbihis. Kapagkuwa’y, bumaba na siya ng dining. Nakita niya ang platong may tirang kaunting garlic bread at isang slice ng papaya. Talagang may stock siya ng garlic bread at papaya sa bahay niya dahil paborito iyon ni Valeria.

“Kakatapos lang mag-breakfast ni Valie?” tanong niya kay Manang Aida, inginuso ang hindi pa naliligpit na pinagkainan nito. Ni hindi rin nito naubos ang gatas. Nasa kalahati pa ang natitirang laman ng baso. *What a waste.*

Tumango ang Manang Aida habang pinagsasalin siya ng mainit na kape sa tasa. “Opo, Sir. Bago umalis ay pinasabi sa inyong sunduin mo

raw siya mamayang hapon sa shop niya.”

Nagbebenta ng mamahaling accessories ang dalaga at may magandang puwesto sa isang malaking mall, ang *Val Amour Fashion Accessories*. Ang ibinibenta nitong accessories ay naka-upload din sa *Shopee* at *Lazada* nito at puwedeng doon umorder. Dinudumog ang fashion scarves nito, bracelets, at maging ang mga singsing.

“What?” Nasuspende ang akmang paghigop niya ng kape na inabot sa kanya ng kasambahay. “I can’t. I have a date at five.”

May inirereto sa kanya si Yarrick. Nakilala niya ang lalaki nang minsang may binili siyang property nito sa Negros. He wanted to try the sugarcane business, at kanino pa ba siya lalapit kundi kay Yarrick Sanvezera? Kilala ang pamilya nito sa pagkakaroon ng maraming propiedad.

Isa si Yarrick sa mga sought-after bachelors, bago ito nabaliw sa asawang noon ay inaayawan nito. Kung ano man ang nangyari at ito na ang humabul-habol ngayon sa asawa, hindi niya rin alam. Basta kabilang na ito sa mga lalaking nagpaalipin sa pag-ibig. Una, si Crexus Santa Maria. Pangalawa si Yarrick Sanvezera. Pangatlo, si Clay Santa Maria. Humahaba na ang listahan ng mga kakilala niyang nagsisipag-asawa na. Soon,

it would be his turn to stand at the altar with his bride. Kaya pinatulan niya ang blind date na sinabi sa kanya ni Yarrick.

“Ay naku, ewan ko sa ’yo, Sir. Mag-aaway na naman kayo ni Ma’am Valeria niyan kapag hindi mo siya nasundo mamaya.” Pinunasan nito ang lamesa. “Bakit kasi hindi na lang kayo ang magkatuluyan? Magkasundung-magkasundo kayo, kilalang-kilala n’yo na ang isa’t isa, at para naman na kayong mag-asawa kung tutuusin,” opinyon ng babae.

He sighed. Malabo. Hindi niya makita ang isang future na kasama si Valeria. Valie was fun to be with, yes. Pero ang pakasalan ito?

Natigilan siya. Biglang nag-flash sa balintataw niya ang mukha ng magandang batang babae. Her eyes were the palest shade of brown. May maganda itong manyika na Susie ang pangalan...

“Mama, I swear papakasalan ko si Valeria kapag eighteen na siya at twenty na ako, ha.”

Ipinilig niya ang ulo at pilit na isiniksik pabalik sa isang sulok ng isipan ang nakaraan. Things are different now.

Inubos na niya ang kape. Tatawagan na lang niya si Valeria para sabihing hindi niya ito masusundo mamayang hapon.



“What do you mean you can’t?” Malakas na ang boses ni Valeria habang kausap si Leon sa telepono.

“I can’t, because I have a date.”

“Unahin mo pa ba ’yang lecheng date na iyan kaysa sa akin?” Nanggigigil na siya. Kung nasa harapan niya lang ngayon si Leon ay nasipa na niya ito.

“Basta, I’ll call you tonight. ’Bye for now.”

Impit na napasigaw si Valeria matapos putulin ni Leon ang tawag. Hindi daw siya nito masusundo dahil may ka-date ito. Padabog niyang ibinagsak ang bag sa upuan niya. “Buwisit na iyon. Paano ako uuwi nito?”

Iniwan niya sa car repair shop ang sasakyan kaninang umaga para ipaayos ang kaunting yupi na likha ng pagiging reckless niya. Nabunggo niya iyon sa gate ng bahay ni Lola Pasion na bahay na niya ngayon dahil sa kanya iyon ipinamana ng matanda nang pumanaw ito. Dapat ay three months ago niya pa ipinaayos iyon, pero tinamad siya at inuna ang bakasyon niya sa Amerika.

She was a bad driver. Period. Inaamin din niyang madalas siyang maglasing sa bar. Kaya isang gabing lasing siya ay parang torong baliw na sinuwag niya ang gate. Ayon, yupi ang kotse.

Mabuti na lang at hindi siya gaanong nasaktan maliban sa kaunting gasgas at maliit na bukol sa ulo.

Ang car repair shop na pinagdalan niya sa kotse ay malapit lang sa mall kung saan naroon ang shop niya. Ilang lakad lang ang layo. Inirekomenda sa kanya ng isang kaibigan ang de-klaseng car repair shop. Magaling daw trumabaho at hindi kawatan ng car parts. Iyon naman ang importante sa katulad niyang walang kaalam-alam pagdating sa sasakyan bukod sa pagda-drive.

Isa pa, may bagong mekaniko daw ang shop. Misteryoso; walang may nakakaalam kung saan nanggaling at palaging tahimik. Gelier ang pangalan nito. Baka daw matipuhan niya. Tinawanan niya lang ang kaibigan. Hindi siya interesado sa Gelier na iyon kahit na hindi pa niya ito nakikita.

“Ma’am Valeria, itatawag ko na lang ho ba kayo ng taxi?” tanong ng empleyado niyang si Azul. Medyo sipsip ito, pero maayos namang magtrabaho at mapagkakatiwalaan. Okay na rin. Kaysa naman sa hindi nga sipsip, pero tamad naman.

Umungol siya at hinilot ang sentido. “Yes, please. Thank you.”

Lagot sa kanya si Leon. Talagang hindi niya

ito kikibuin.

Pagkauwi niya ng bahay ay nag-shower agad siya para pawiin ang init ng ulo. Nakaharap na siya sa vanity mirror at nagsusuklay ng buhok nang mag-ring ang phone. Pangalan ni Leon ang nasa screen.

She scowled, at gigil na pinindot ang cancel. Mayamaya ay nag-ring ulit iyon. She shrieked. Inis niyang ipinatong sa mesa ang brush at dumapa sa kama. Hindi pa rin tumitigil sa kakaring ang phone niya. Naiirita na siya. In-off niya ang telepono. Hindi pa nakuntento at binuksan niya ang drawer para sa mga underwear niya at isinuksok sa pinakailalim ang aparato saka tinambakan ng mga panloob sa ibabaw.

“I hate you, Leon!” nagngingitngit niyang sambit.



“Are you still mad at me?” malambing na bulong ng pamilyar na tinig sa tainga niya.

Pumulupot ang mga braso ng pangahas na hudas sa kanyang baywang. Nasa shop siya at kasalukuyang inaayos ang mga naka-display na accessories nang bigla siyang yakapin mula sa likod ng talipandas! Akala siguro nito madadaan siya sa yakap? No way! Manigas ito!

“Go away, Leon,” pasuplada niyang pagtataboy rito.

Hinalikan nito ang leeg niya, paulit-ulit, kahit nakatingin sa kanila si Azul na tila kilig na kilig. Para lang itong nakakita ng artista sa katauhan ni Leon—matangkad, ripped ang muscles, at guwapung-guwapo, tapos nakayapos sa kanya at matamis kung maglambing.

“I brought you your favorite, garlic bread. May bonus pang wintermelon milk tea, hard pressed, half-sugar, with additional pearls.” Pinisil-pisil nito ang tagiliran niya. “Sige na, bati na tayo. Ibibili kita ng papaya mamaya kung gusto mo.” Hinalikan naman nito ang naka-expose niyang balikat.

Hindi nagsalita si Valeria kahit na naglalaway na siya sa mga dala nitong pagkain. The brute knew her all too well. Naku, kung umarte pa ito, huling-huli ang kahinaan niya. Pero hindi siya dapat bumigay agad.

Napabuntong-hininga ang binata. “Saan mo ba gustong kumain? Halika, ililibre kita.”

“I’m not hungry. Do I look like a starved pig to you?”

“Okay, ako na ang magbabayad sa damage ng sasakyan mo. Ipa-estimate mo na.”

Napasinghap ang dalaga at awtomatikong

napaharap kay Leon, nagniningning na ang mga mata. “Really?”

Aba, ibang usapan na kung ito ang magbabayad ng ipinapaayos niyang sasakyan.

“Yes. Basta peace na tayo. Hindi ko naman kasi alam na nasa car repair shop pala ang kotse mo. Kanina ko lang nalaman. Tinawagan ko si Azul kasi hindi mo pinapansin ang mga tawag ko sa ’yo.”

“Eh kasi, puro ka babae! Kumusta ang date mo?”

He grinned. “Kami na.”

“Napasagot mo agad?” nagdududa niyang tanong saka pinukol ito ng nagsususpetsang tingin.

“Hoy, anong klaseng tingin iyan ha?”

“Baka naman ikinama mo agad kaya kayo na?”

Lumapad ang pagkakangisi ni Leon.

Napailing na lang siya. “Sinasabi ko na nga ba.”

“Siya ang nag-aya. Nginitian ko lang, naakit na.”

Umirap si Valeria. “Nag-condom ka ba? Baka mamaya, mahawahan ako ng sakit.”

“Hey! Anong sakit? Walang gan’un. And yes, may baon ako palaging condom. Sa iyo lang ako nakikipagtalik nang walang proteksyon.”

“Mabuti nang maliwanag. So itong naka-date mo, type mo naman ba?”

“Type ko. Maganda, sexy, may sense namang kausap.”

“Ano’ng pangalan?”

“Blair. You should meet her. Magugustuhan mo siya. I think I found ‘the one,’ Valie.”

Tumaas ang magkabilang kilay niya. “Sus! Kanina type mo lang, ngayon ‘the one’ mo na?”

“Bakit, imposible ba?”

Nagkibit-balikat ang dalaga. “Malay ko. Akina iyang mga dala mo, kakainin ko na.”

Leon smiled sweetly at her. “Does this mean I am already forgiven?”

She rolled her eyes. “Ano pa nga ba’ng magagawa ko? Basta ikaw ang magbabayad sa car repair shop.”

Buong simpatiko itong kumindat sa kanya at pinisil ang kanyang baba. “Consider it done, baby.”

3



"**A**ng sexy naman ng damit mo," walang kangiti-ngiting komento ni Leon kay Valeria pagkalulan nito sa loob ng sasakyan niya.

The woman was wearing a white tube top and tight-fitting magenta stretch pants. Naka-puting casual slip-ons din ito. Kitang-kita ang kurba ng maganda nitong katawan at ang makinis na tiyan dahil hindi umabot sa pusod ang haba ng tube top nito.

Nasa tapat siya ng bahay ng dalaga dahil usapan talaga nilang susunduin niya ito para sabay nilang matingnan ang kotse nito sa car repair shop.

"Thank you." Lalong pinapungay ni Valeria ang natural na mapungay nitong mga mata habang nakatitig sa kanya, halatang nang-iinis.

Nagsalubong ang mga kilay niya. "Anong 'thank you'?"

"Alam ko naman na gusto mo lang sabihing sexy ako. Gosh, you have a weird way of showing your admiration. Pero salamat pa rin." Eksaherado pa nitong inipit ang ilang hibla ng buhok sa likod

ng kaliwang tainga nito.

He glared at her. “Magpalit ka, dali.”

“Ayoko nga!”

“Magpapalit ka o hanggang bukas tayo rito sa loob ng sasakyan?”

“Napaka-OA mo. Tara na.”

“Hindi ka talaga magpapalit?”

Pinagkrus nito ang mga kamay sa tapat ng dibdib. He wanted to wring her neck for her stubbornness. Walang kapantay ang katigasan ng ulo nito.

“Okay, ayaw mo ha.” Kinuha niya sa backseat ang kanyang itim na t-shirt at inihagis sa dalaga. “Isusuot mo iyan, o papaluin kita? Malinis iyan! Kakakuha ko lang sa laundry.”

Tumaas ang mga kilay ni Valeria at inamoy ang t-shirt niya. She grinned naughtily at him. “Ang bango, ah.” Kinagat nito ang pang-ibabang labi. “Gusto mo bang suotin ko pa ’to o maghubad na lang kaya ako?”

He groaned. Nahilot niya ang batok. “Mamaya ka sa ’kin, pilya ka. Buong araw kang hindi makakapaglakad bukas.”

Humalakhak si Valeria. “Grabe ka sa akin. Isusuot ko na nga. O, ito na.”

Wala pang beinte minutos ay nasa tapat na

sila ng shop. Nakita kaagad ni Valie ang kotse nito. Wala na ang yupi sa unahan at ang galing ng pagkaka-repaint. Mukhang brand new ulit.

“Kita ko na si Susie!” Iyon ang ipinangalan nito sa sasakyan. May fixation siguro ito sa pangalang ‘Susie’ dahil iyon din ang pangalan ng manyika nito noon.

“Kausapin natin ang mekaniko,” aniya.

“Sige.”

Paglingon niya ulit sa kotse ni Valeria ay may nakatayo nang mekaniko sa harap niyon. Maganda ang tindig ng lalaki at kahit hindi siya babae, alam niyang guwapo ito.

“Iyan siguro si Gelier. Grabe, guwapo nga. Parang hindi mekaniko.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Leon at pinukol ng masamang tingin ang katabi. Muli niyang binuhay ang makina ng kotse. Inilagay niya ang transmission sa reverse saka tinapakan ang gas pedal. Tuluy-tuloy siya sa pag-atras at nang makalabas ng parking ay pinaharurot na ang sasakyan palayo ng shop.

“Hoy! Ano’ng drama mo? Akala ko ba kakausapin na natin ang mekaniko para masigurong okay na si Susie at mailabas ko na ng shop?” Tinapik nito ang braso niya.

“Ipakuha mo na lang kay Azul. Marunong namang mag-drive si Azul, di ba?”

“Oo nga, pero nand’un na tayo, eh. Bakit hindi man lang tayo bumaba? Na-insecure ka siguro d’un sa Gelier.”

“Hah!” Sapul siya pero hindang-hindi siya aamin. Ang dali namang mag-deny.

“O, ano? Na-insecure ka?” ulit pa ni Valeria.

“Bakit ako mai-insecure d’un?”

“Guwapo, eh. Malakas ang sex appeal.”

“Guwapo pero hindi ka naman kayang buhayin. Ano ang ipapakain sa ’yo nu’n? Asin at kamote? Baka suwerte nang makatikim ka ng manok isang beses sa isang taon.”

“Sobra kang makapanlait. Masyado mong minamaliit iyong tao. Hoy, marangal na trabaho ang pagiging mekaniko,” ingos ng katabi. “At saka, bakit bubuhayin agad ako? Aasawahin ko ba?”

“Sobra ka kung makapuri sa lalaking iyon, eh.”

“Bakit, hindi ba guwapo?”

“Eh, kung hinahalikan kita diyan?”

“Sige nga!”

Kinabig niya pagilid ang sasakyan at itinabi sa kalsada. Walang ligoy niyang hinila ang dalaga at kinuyumos ng halik ang mga labi nito. Kapwa sila hinihinal nang maghiwalay ang mga labi nila.

“Grabe ka,” paos ang tinig na sabi ni Valie.

“Iyan, hamunin mo pa ako. Dahil makulit ka, ikukulong kita sa bahay ko buong araw,” walang halong birong sabi niya sa dalaga, seryoso ang mukha.

“Ano, hindi na lang ako magtatrabaho?”

“Ibabahay na lang kita,” he joked, pero wala pa ring kangiti-ngiti sa labi.

“Parang baliw ’to. Sige na, hindi na guwapo iyong Gelier.”

Mabilis ang pag-aliwalas ng mukha ni Leon. He grinned at her. “Very good.”



“Ma’am Valie, lasing ka na!” Marahan siyang tinapik sa pisngi ni Azul.

Hindi ito komportable sa loob ng bar kahit na nasa lounge area lang sila at nakaupo sa sofa. Nakabantay ito sa kanya dahil makailang beses na rin siyang kamuntikang madapa.

“Azul, huwag kang maupo na lang diyan. We’re here to party!” nakatawa niyang sabi, nilalakasan ang boses dahil halos hindi na sila magkarinigan sa lakas ng tugtog.

Napakamot sa ulo si Azul. Nakaladkad niya lang ito kanina. Hindi daw talaga ito nagpupunta sa mga ganoong lugar pero dahil sipsip ito ay

sinamahan pa rin siya. Uminom lang ito ng isang boteng *Tanduay Ice* tapos umayaw na, samantalang siya ay nagpapakalasing.

“Tara na po, Ma’am. Itatawag na po kita ng *Grab*.”

Nasa car repair shop pa rin ang kotse niya dahil ayaw balikan ni Leon kahit anong lambing niya rito. Mabigat talaga ang dugo nito sa guwapong mekaniko.

Humagikgik siya sabay kurot kay Azul. “You’re cute. Virgin ka pa ba?”

Namula ang babae at marahas na lumingap sa paligid. “Si Ma’am naman, shush lang po.”

Lumakas ang hagikgik ni Valeria. Aliw na aliw siya sa kasama. Mas okay nga talaga iyong sipsip kasi handang sakyan ang mga kalokohan niya. “Alam mo, Azul, may guwapong mekaniko d’un sa car repair shop. Jowain mo kaya?”

Umingos ito, labas ang hangin sa ilong. “Huwag na ’oy. Ano’ng ipapakain sa akin n’un? Buhangin?”

Napahalakhak siya. “Para kang si Leon.”

“Kung magjojowa ako, Ma’am, du’n na ako sa kagaya ni Sir Leon na guwapo na, mayaman pa.”

“At babaero!” tawang-tawa niyang dugtong sabay tutop sa ulo. “Nahihilo na ako.”

Inihilig niya ang ulo sa sofa at ipinatong ang

isang kamay sa noo.

“Tatawag na ako ng *Grab*, Ma’am.”

“Sige, ihatid mo ’ko sa bahay ni Leon.”

Sinamahan siya ni Azul sa taxi hanggang sa makababa siya. Gusto pa sana siya nitong ihatid sa loob talaga ng bahay ni Leon, pero naroon na si Manang Aida at ito na ang umalalay sa kanya.

“Where’s Leon, Manang?” tanong niya sa kasambahay.

“Eh, kuwan...”

“Ano po? May kasama bang babae?” She giggled. Pulang-pula na ang mukha niya sa kalasingan. Wala namang kaso sa kanya kung may babae si Leon. Lagi naman. Sanay na siya rito.

Hindi sumagot si Manang Aida.

“Ako’ng bahala, Manang.”

“Eh, baka nakahubo? Makikita mo ang pototoy ni Sir.”

“Sus, Manang, bestfriend ko ang talong ng lalaking iyon. Ngayon pa ba niya itatago sa akin?”

“Baka ’ka ko nakikipagdigma ang pototoy ni Sir, Ma’am?”

Humagalpak na si Valeria ng tawa. Nakukuha niya ang ibig sabihin ng kasambahay, pero sadya lang wala siyang pakialam.

Bago pa siya mapigilan ng babae ay nakaakyat

na siya sa kuwarto ni Leon. Hindi na siya nagabalang kumatok pa at bigla na lang binuksan ang pinto. Nakita niya si Leon kasama ang magandang babae sa ibabaw ng kama. Nakadamit pa ang binata pero ang babae ay halos hubad na.

Napatili ang babae, hindi malaman kung paano tatakpan ang katawan.

“Valeria? What the f*ck are you doing here?” galit na sita sa kanya ni Leon.

“You know her?” tanong ng kasama nitong babae, pinaglilipat-lipat ang tingin sa kanilang dalawa ni Leon.

Tumawa siya at inihagis ang katawan pahiga sa kama. “I’m Leon’s ex-lover,” walang ligoy niyang deklara.

Gulat na umalis ng kama ang babae. “Ex-lover? Really?” Bumaling ang babae kay Leon, hindi maipinta ang mukha. “You expect me to believe that? Ano ’to, Leon? Kaya ba ayaw mo pa akong pakasalan kasi dalawa pala kami sa buhay mo?”

Umungol ang lalaki at naihilamos ang mga kamay sa mukha. “Get out, Valie.”

“Bakit ako lalabas? Palagi naman akong natutulog dito, ah? Isa pa, antok na antok na talaga ako.” Sinipa niya pahubad ang suot na stilettos, saka umusod pa hanggang sa nasa gitna na siya ng

kama. “Come here, baby, let’s cuddle,” tawag niya kay Leon.

Huli niyang narinig ang malakas na pagsigaw ng babae, “I’m breaking up with you, Leon!” bago siya tuluyang nakatulog.

4



"We have to stop this," anunsyo ni Leon, nakatayo sa harapan ni Valeria.

His arms were crossed tight over his chest. Kausap niya ang dalaga na tinawanan lang ang sinabi niya. Komportable itong nakaupo sa sofa, nakataas ang magkapatong na mga paa sa center table, at nanonood ng *Supernatural* habang kinukutkot ang bowl ng BBQ-flavored popcorn. Suot pa nito ang oversized sweater niya.

"What's new? Palagi naman nating tinatapos, di ba?" anito, saglit lang siyang minasdan at ibinalik na ang atensyon sa TV.

"No, seriously. Aminin na natin, parang wala naman tayong tinapos talaga, Valie. Nawala lang ang label. Halos dito ka na nga nakatira sa bahay ko. Hindi na ako makapagdala ng babae rito because your panties and bra are everywhere!" Tinampal niya ang mga paa ng dalagang nakapatong sa mesa. "Ibaba mo iyan!"

Umingos ito na parang bata. "Ang panties at bra ko lang ba ang issue mo? Problema ba iyon? Liligpitin ko mamaya," balewala nitong sabi.

Nakapa nito ang bikini T-back na nakasuksok sa sofa, hinatak iyon at inihagis sa isang tabi ng sala.

Naihilamos ni Leon ang mga palad sa mukha, nakukunsumi. “Valie, you have to move out. Wala naman tayong pinag-usapang ganito. We are not in a relationship and we are not live-in partners. And...” Tumikhim siya. Nakatingala sa kanya ang dalaga, naghihintay sa sasabihin niya.

“And what?” she asked impatiently. Para namang walang pakialam ang dalaga kahit na ano pa ang sabihin niya at kunwari lang na nakikinig dahil alam nitong mainit ang ulo niya.

“And I’m getting married soon!” bulalas ng lalaki, hindi sinasadya. Huli na para bawiin pa iyon.

Nalaglag ang panga ni Valeria. “Are you joking? Ikaw, magpapakasal?”

Nainsulto siya. Mahirap bang paniwalaang magpapakasal siya? Lalo niyang pinapormal ang mukha. “Mukha ba akong nagjo-joke sa ’yo?”

Humagalpak ito ng tawa. She laughed as though he just said the funniest joke on Earth. “Hindi ako naniniwala, Lion.” Tumaas ang isang sulok ng labi nito. “You just want to get rid of me, don’t you?”

He groaned. Ngayon pa lang saging-sagi na ang ego niya. Mukhang mapapasubo siya.

Wala talaga siyang babaeng pakakasalan. Nasabi niya lang iyon para lubayan na siya ni Valeria na nagkukuta sa bahay niya. Wala rin sa plano niya ang madaliang kasal sa unang babaeng mapapa-oo niya sa kanyang proposal. He wanted to find the right woman for him, yes, pero ayaw niya sa paraang paspasan.

Mas lalong hindi niya mahahanap ang tamang babae kung may singsing siya. Higit na magiging mailap ang mga potential singles. Ang kaso nga, nasabi na niya at ayaw na niyang bawiin dahil tiyak na kakantiyawan siya ni Valeria.

Bahala na. Mahahanapan niya rin ng lusot ang kasal kapag may totoong nagpatibok na sa kanyang sawaing puso.

Napabuga si Leon ng hangin. Paninindigan na muna niya ito. Ito na rin siguro ang paraan para matuldukan na ang abnormal nilang setup ni Valeria. Isang dekada na rin kasi. Oo nga at nawawala ito, pero bumabalik pa rin sila sa dati. Ayaw na niya ng ganoon.

Lahat na lang ng nagiging girlfriends niya ay pinagseselosan ito. Sino nga naman kasing babae ang makakaintindi sa no filter at rated SPG nilang setup?

Halimbawa na lang si Blair. Nasira ang

gumagandang relasyon sana nila nang dahil kay Valeria. Sa dami naman kasi ng puwedeng bulabugin nito nang malasing ay siya pa ang napili. Sa bahay pa niya naisipang magtungo! And Valie was a hopeless mess when drunk!

Nasa gitna pa man din sila ng kainitan ni Blair nang dumating si Valeria at walang abog na binuksan ang pinto ng kuwarto niya. Hindi pa ito nakuntento at doon mismo natulog sa kama niya.

Blair accused him of cheating and called him a two-timing jerk. And he lost Blair. Bahala ito sa buhay nito. The woman could not handle him anyway.

“You just wait, Valie. Makikita mo na lang sa newspaper at magazines ang tungkol sa kasal ko.”

“Fine. Magpakasal ka muna, then I’ll leave.” Iyon lang at itinutok na nitong muli ang mga mata sa pinapanood na series.

Naningkit ang mga mata ni Leon. *Witch!* Hindi talaga ito apektado sa init ng ulo niya. Para itong wala sinirang relasyon kagabi. Siya pa ang napilitang umasikaso rito nang magsuka ito sa kuwarto niya dahil sa sobrang kalasingan.

Inis niyang hinila pataas ang nakaupong dalaga. Natapon sa carpet ang popcorn nito. He pulled her closer, crashing her breasts against his

chiseled chest. Sinapo niya ang batok ng dalaga at kinuyumos ito ng halik.

“Akala ko ba mainit ang ulo mo sa akin?” paanas nitong tanong nang makawala sa mainit niyang mga labi.

“Mamaya na ulit ako magagalit sa ’yo.” He carried her like a sack of rice and sauntered towards the bedroom.

Valeria shrieked, half-giggling. “I think you were really just hot and horny.” She grinned naughtily. “Oh baby, all you have to do is ask,” panggagaya nito sa litanya niya.

Sabay silang naghubad nang marating ang pribadong silid. Wala silang tinira ni isang saplot bago nagpagulung-gulong sa kama.

He liked Valie’s appetite in bed, it perfectly matched with his.

“Come here, ginigigil mo ako!” aniya.

Pinaghiwalay niya ang mga binti ng dalaga at pumuwesto sa pagitan niyon. He took her fast and went so deep into her throbbing core. Just by watching himself pounding into her again and again made him harder and hungrier. A kind of intense heat, tenfolds hotter than ever, nestled in his groin. She raised up her hips and spread her legs wider. He held her waist tightly, bruising her

skin.

Para namang hindi alintana ni Valeria ang higpit ng pagkakahawak niya rito. She moaned and purred, and yowled like a cat.

He gazed down at Valie. Nagmulat ng mga mata ang dalaga at nagkatitigan sila. Their gazes locked, and he felt something warm slide through him, and it clutched at his chest.

Kahit anong isip niya ay hindi niya iyon maipaliwanag.



Nag-angat ng ulo si Leon nang buksan ng sekretarya ang pinto ng executive office nito. Nakatayo si Valeria sa likuran ng sekretarya at nakangisi nang malapad. Kinawayan niya agad si Leon. Lalong lumawak ang pagkakangisi niya nang tumaas ang kilay nito.

“Huwag kang magalit sa sekretarya mo, ha. Mapilit lang talaga ako,” aniya nang makapasok siya sa loob ng opisina at masolo niya ang binata.

Maganda at maaliwalas ang opisina nito. Ang lawak. Halos dalawang boardroom na pinagdugtong. L-shape ang executive desk ni Leon na gawa sa matibay na kahoy at itim ang kulay. Itim din ang high-back swivel chair nito.

May desktop computer at isang laptop sa mesa

at hardphone para makatawag sa extension line ng iba't ibang departamento ng kompanya. Bukod sa mamahaling pen holder at glass ashtray ay puro papel na ang natitirang nakapatong sa mesa.

Sa likod nito ay isang napakalaking abstract drip painting na hindi niya maintindihan kung bakit sobrang mahal ng halaga. Para lang naman iyong kinalahig ng manok. Halu-halo ang kulay.

Gawa din sa kahoy ang nangingintab na sahog.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” walang kangitingiting tanong ni Leon. Ibinalik nito ang atensyon sa pagpipirma ng mga importanteng dokumento para sa payroll ng mga empleyado. “Go home, I’m busy.”

“Ito naman, ang cold. Sorry na.” Nagkusa na siyang umupo sa couch.

“Inaabuso mo na ako, Valeria. Labas-masok ka na nga sa bahay, hanggang dito ba naman sa opisina? Wala ka pong appointment, Miss.”

Inirapan niya ang lalaki. “Appointment? Ano iyon? Malakas kaya ako sa ’yo.”

“Ikaw lang ang malakas ang loob na gawin ’to sa akin, ’no?”

“Siyempre. Huwag ka nang umarte, please.” Ipinatong niya ang dalang kahon ng muffins sa ibabaw ng mesa nito. “Favorite mo iyan, chocolate

chip muffins. Ako mismo ang gumawa. Hoy, ang suwerte mo ha, binawasan ko ang kita ko sa shop kahapon para lang diyan.”

“So?”

Umingos si Valeria. “Sorry na nga. Kakausapin ko si Blair para sa ’yo.”

“Never mind. Ayoko na rin namang magkabalikan kami.”

“Akala ko ba siya na ang ‘the one’ mo?” nanunukso niyang tanong.

“Akala ko rin. Hindi pala.”

Napailing siya. “Kawawa ang mga nahuhulog sa pain mo. Napakababaero mo kaya.” Totoo iyon. Naging magnobyong sila noon, pero hindi rin tumagal dahil saksakan ito ng playboy. Iyong simpleng babaero—kunwari matino pero kabilaan ang nauutong mga babae. Kunwari hindi takot sa commitment pero kapag nababanggit ang salitang ‘kasal,’ nagsasalubong ang mga kilay. At ang loko, pinangangalandakan pa ngayong magpapakasal na daw. Hindi siya naniniwala.

Hindi naman masisisi ni Valeria ang mga nahuhumaling kay Leon. Magandang lalaki ito at malakas ang sex appeal. Higit sa lahat, masarap sa kama. Inaamin niyang crush niya ito noong bata pa siya dahil sa kuwento ng mama niya na nangako

itong pakakasalan siya. Kinilig siya sa kuwentong iyon na halos hindi na niya maalala dahil anim na taong gulang pa lang siya noon nang ianunsyo nito ang intensyong pakasalan siya.

She was so in love with the story, idagdag pang totoong napakaguwapo nito noong magkita silang muli. And he was so hot with a good boy charm. Naisuko niya ang sarili rito. Pero kalaunan ay nabatid niyang hindi ito ang lalaking para sa kanya. Sure, he was hot and awesome in bed. Pero hanggang doon lang yata sila.

Mahal ba niya si Leon? Hindi niya alam. Pero ang alam niya, malakas ang nakakapa niyang atraksyon para rito at ganoon din ito sa kanya kaya hindi nila malayuan ang isa't isa nang tuluyan. Sexual attraction. Iyon lang yata iyon.

Natatagalan nila ang isa't isa dahil wala silang iniisip na dramang pangmag-jowa. They just enjoy what each one could offer. Minsan lang talaga inaabuso niya ang pagiging malapit nila at totoo namang makailang beses nang nasira ang lovelife nito nang dahil sa kanya.

“Ako? Playboy?”

Pinandilatan niya ang kausap. “Ah, hindi ba? Papalit-palit ka kaya ng girlfriend.”

“Nagseselos ka?”

Tumawa siya. “Ako? Magseselos? *Nunca!* Hindi ko pinangarap na makapag-asawa ng lalaking salawahan!”

Natigilan si Leon. Naasiwa tuloy siya. Na-offend ba ito? Eh sa totoo namang babaero ito, bakit ba? “Leon...”

Ngumisi ito, ngising nang-aasar. “Hindi ko rin pinangarap na maging asawa ka,” ganti nito.

“Talaga ba? Kaya pala sinabi mo sa mama mo at mama ko na pakakasalan mo ako.”

Pumalatak ito at inginuso ang kahon. “Ano uli iyan? Chocolate chip muffins?” pag-iiba nito sa usapan.

Imbes na sumagot ay binuksan ni Valeria ang box at dumampot ng isa saka isinubo sa binata kasama pati hintuturo niya. He sucked her finger.

“Masarap?” tanong niya rito, pilya ang pagkakangiti.

“Kasing-sarap mo.”

Tinampal niya ito. “Bati na tayo, ’no? Bastos ka na uli, eh.”

“Sige, malapit na rin namang magwakas ang maliligayang araw mo, babe. Ikakasal na ako, remember?”

“Whatever you say, Leon.”

5



Mula sa kinauupuan ay kanina pa pinagmamasdan ni Leon si Diosdida ‘Dixie’ Niola, ang sekretarya ni Wolf Gaston na CEO ng *Gaston Chain of Hotels*. The woman looked stiff, prim and proper. Kahit na umiinom ng alak ay tuwid na tuwid pa rin ang likod nito.

Magkakilala sila dahil palagi siyang nagtutungo sa opisina ni Wolf tuwing kailangang pag-usapan ang mga negosyong may kinalaman dito.

Sa nakikita niya ngayon, nag-aalala siya para sa babae. Mukhang hindi ito nag-e-enjoy sa engagement party ng boss nito at makailang ulit nang tumanggi sa mga lalaking nag-aanyaya rito ng sayaw.

Tumaas ang kilay ni Leon nang makitang nakakatatlong baso na ito ng alak. Lumapit siya sa dalaga. His hand smoothly held her by the waist. Inagaw niya ang hawak nitong baso at inilapag sa buffet table.

“Dance with me, Dixie. Hindi mo ako puwedeng tanggihan. I won’t have it.”

Hinila niya ang dalaga sa gitna ng function hall, at humalo sila sa mga parehang nagsasayaw. The music was slow and hypnotic. Kung susuriin niya ang dalaga, masasabi niyang bumibigat na ang katawan nito dahil sa epekto ng alkohol. Iginiya niya ang namimigat na nitong ulo pahilig sa dibdib niya. Sa kabila ng disimulado nitong pagtulak sa kanya ay mahigpit pa rin niya itong kinabig palapit.

“You love him, don’t you?” bigla niyang tanong na nagpatigas sa likod ng babae. Ang tinutukoy niya ay si Wolf mismo.

Itinanggi nito ang bagay na iyon. Habang nag-uusap sila ay nakita niya ang solusyon sa kanyang problema. Dixie is a friend. Natitiyak niyang kailanman ay hindi ito magkakagusto sa kanya dahil may ibang itinatangi ang puso nito.

“Marry me, Dix.”

Marahas itong napatingala sa kanya, gumuhit ang galit sa maganda nitong mukha. “Hindi ako laruan, Mr. Rodrigazo,” she hissed.

“At hindi rin malabo ang mga mata ko para hindi makitang tao ka. I have not for one second thought of you as a play toy, Dixie.”

“Kung gan’on, bakit inaalok mo akong pakasal sa ’yo? Hindi laru-laro ang pagpapakasal.”

“I have my reasons.”

“Tell me,” she said. Puno ng paghahamon ang kislap sa mga mata ng babae.

“I want to get rid of an old flame. Satisfied?”

Old flame nga ba? giit ng isang sarkastikong tinig sa likod ng utak niya.

Gumuhit ang nanunuyang ngisi sa labi ni Diosdida. “Gusto mo akong gamitin?”

“There’s no point in sugar-coating, so yes. I know I sound like a chauvinist pig, but I am left with no choice. At ikaw lang ang nakikita kong level-headed na babae na hindi gagawing big deal ang pagpapakasal natin. Nakatitiyak pa akong hindi mo ako mahal. We will marry in Vegas. We will not consummate our marriage, I just need at least six months. Then, we will get an annulment.”

Kung maaari nga lang ay tapusin niya agad ang pagiging mag-asawa nila pagkatapos ng isang buwan pero nasisiguro niyang masyadong maikli iyon para tuluyang mapaniwala si Valeria at maitaboy ito.

Their on-and-off setup needed to stop. It was fun at first when they were younger. Pero matatanda na sila ngayon. Treinta na siya! Sooner or later, he would have to settle down. Pero paano naman magiging posible iyon kung palagi siyang

binubulabog ni Valeria?

“Yes.”

Tumaas ang magkabilang kilay niya. Gusto niyang magtatatalon sa tuwa pero gusto niya pa ring makasigurado muna. “Yes to what?”

“Yes to your stupid proposal. I will marry you, Leon.”



“Gusto ko niyan!” Pumadyak si Valeria, itinuturo ang vanilla ice cream sa glass chest freezer ng supermarket.

Kanina pa sila nagtatalo ng babae. Ayaw nitong magpatalo. Ito lang talaga ang babaeng bukod-tanging matigas ang ulo at malakas ang loob na makipagtalo sa kanya.

“Hindi nga puwede, Valie. May trangkaso ka.” Para siyang kuya na inaalo ang nakababatang kapatid. Hinuli niya ang mukha nito at pinanggigilan ang malambot nitong mga pisngi.

Humalukipkip ito, iniwas ang mukha. “Ah, basta, gusto ko niyan. Ibili mo ako niyan.”

Naihilamos niya ang mga kamay sa mukha. “Meron ka ba ngayon? Bakit ang hirap mong kausap? Pambihira naman. Kapag naospital ka, ako na naman ang mapupuyat kakabantay sa ’yo.”

“Nagrereklamo ka?”

“Val?” sambit ng babaeng kasing-edad lang marahil ni Valeria. Maiksi ang buhok nito at naglalaro sa limang talampakan ang taas. “Sabi ko na, eh! Ikaw nga! Val, si Tabitha ’to. Ako ang sinasama mo noon kapag wala kang dalang kotse at kakatagpuin mo ’tong si Leon. Naalala mo, after ng major subject natin, hihilahin mo na ako para may driver ka?”

Lumiwanag ang mukha ni Valeria. “Tabitha, yes, I remember you! Sorry sa mga kalokohan ko noon. Alam kong pareho tayong bumagsak sa isang major subject dahil sa mga paghatak-hatak ko sa ’yo kung saan-saan.”

Umiling ito at malawak na ngumiti. “Wala iyon. Na-enjoy ko naman. Hays, the good old days, kaka-miss din.” Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ni Valeria. “I’m glad na nagkatuluyan kayo! Naku, ewan na lang talaga kung hindi pa. I heard nag-break kayo n’un, eh. I guess, some people are just meant to get back together. Kagaya n’yo.”

Tumabingi ang ngiti ni Valeria at gusto niyang humalakhak sa nakikitang ekspresyon sa mukha nito.

Tumikhim ito. “Ahm, err, Tabitha, ano kasi...”

“Wala pa ba kayong anak? O meron na?”

Nakaisip si Leon ng kapilyuhan tutal ay kanina pa pinasasakit ni Valeria ang ulo niya. Inakbayan niya ang dalagang halatang nagulat at kinabig palapit sa katawan niya. “Wala pa, ang hirap buntisin nitong kaibigan mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Tabitha. “Talaga?” Pumitik ito sa ere kapagkuwan. “Alam mo ’yung mga Yansi ng Congo? May paniniwala silang makakatulong sa fertility ng babae ang paghahagis ng panloob sa bubong at makukuha mo lang ulit kapag New Moon na. Gawin n’yo kaya?”

“Totoo ba iyan?” curious na tanong ni Valeria.

Hindi na napigilan ni Leon ang pagtawa. “We’re just joking, Tabitha. Hindi kami mag-asawa at wala rin kaming relasyon,” aniya.

Kumunot ang noo ng babae. “Weh?”

“Wala nga. We’re just friends. At ikakasal na ako.”

Natutop nito ang bibig. “Hala, sayang naman. Bagay na bagay kayo!”

Mayamaya ay nagpaalam na si Tabitha dahil tinawagan na ito ng asawang Amerikano.

“Totoo kaya ’yung sinabi ni Tabitha?” tanong ni Valeria.

“Na bagay tayo?”

“Hindi ’no! ’Yung paghahagis ng panloob sa

bubong.”

“Gusto mong subukan? Payagan mo kasi akong iputok lahat sa loob mo.” Ngising-ngisi siya.

Pinukol siya ng masamang tingin ng dalaga. “Ang bastos mo! Subukan mo kaya sa babaeng pakakasalan mo! Tara na nga, huwag na ’yang vanilla ice cream. Naiisip ko ang hitsura kapag natunaw, malagkit na maputi.”

“Ano naman?”

“Parang ano mo.”

“Ano ko?”

“Yung mga alagad mong ipinahid sa bedsheet!”

Ang lakas ng tawa ni Leon. Sumakit ang tiyan niya sa kakatawa, abot sa puntong pinagtitinginan na sila ng mga tao.

“Nakakahiya ka,” saway sa kanya ng kasama.

Hinatak na siya nito at hindi tinigilan hanggang sa makauwi sila ng bahay.



“Aalis ako, ha,” sabi niya kay Valeria habang nag-aalmusal sila sa bahay niya.

Lumapit si Manang Aida at inilapag ang malunggay juice sa mesa. Gusto niyang matawa nang makitang tumaas ang kilay ng dalaga at matalim ang pagkakatingin sa baso ng juice.

“What’s this?”

“Malunggay juice. Inumin mo iyan,” seryoso niyang sagot, pigil na pigil ang mapangiti.

“No way!” madiin nitong protesta, naninigas ang leeg.

Ayaw nito sa malunggay, okra, at ampalaya. Kumakain naman ito ng gulay pero hindi gaano. Katwiran nito, hindi raw ito kambing. Ang sabi naman niya, kambing lang ba ang kumakain ng gulay? Isa iyon sa lagi nilang pinag-aawayan. Katuwaan niya kasi sa buhay ang kulitin si Valeria hanggang sa mapikon ito, at pinaka-effective ang pilitin itong kumain ng mga ayaw nito.

“Maputla ka, kulang ka sa iron. Drink it. Huwag ka na lang huminga habang umiinom para malunok mo.”

“Yuck naman, Leon, eh! Ayoko nga! Ikaw kaya,” pasuplada nitong bulalas.

“Kayang-kaya ko iyan,” puno ng kumpyansa niyang turan.

Mahilig siya sa gulay pero hindi siya vegetarian. Kumakain pa rin naman siya ng karne. Sa katunayan ay paborito niyang talaga ang Beef Salpicao.

Nag-iba ito ng taktika. Pinaamo nito ang mukha at hinimas-himas ang braso niya, pumisil-pisil sa kanyang biceps. “Ayoko niyan, Leon. Gusto mo bang masuka ako? Kawawa naman ako.”

“Mas kawawa ka kapag naospital ka dahil kulang ka na sa dugo. Kaya ubusin mo iyan.”

Tuluyan na nitong itinulak palayo ang baso at tumayo. Lumapit ito sa kanya at nagpakandong, humalik-halik sa tainga at panga niya. She was deliberately pressing her breasts against him, rubbing her taut nipples against his chest. Kung hindi niya naitikom ang bibig ay baka napaungol na siya. Valie is a wicked seductress.

“Hindi uubra sa akin iyan, Valie,” pilit niyang pinatatag ang boses kahit taliwas sa pagiging matatag ang totoo niyang nararamdaman.

He wanted to grab her and push his c*ck into her wet c*nt. He had tasted many p*ssies in the past, but Valie’s was the best. Parang pan de monja sa panaderya na mainit-init at katakam-takam. Iyong tipong kapag natikman mo, tiyak na titirik ang mga mata mo sa sarap.

“Bahala ka nga! Nakakainis ka!” Padabog na tumayo si Valeria at bumalik sa upuan nito. It took superhuman effort to stop himself from pulling her back.

Isa pa, tama lang na umalis na ito sa pagkakaupo sa kandungan niya dahil nagtutumayo na ang simbolo ng kanyang kahinaan.

“Go, drink it.” Pilit na pinakaswal ang boses

niya.

“No.”

“Hardheaded,” he murmured.

“Ano na nga uli iyong sinasabi mo kanina? Aalis ka?” tanong nito, matalim pa rin ang tingin sa baso ng malunggay juice.

“Ah, yes.”

“Where to?”

“Vegas.”

Tumango ito. “Ano nama’ng gagawin mo d’un?”

“Mag-aasawa,” derecho niyang sagot.

Bumunghalit ng tawa si Valeria. “Hindi ka sumusuko sa joke mong iyan, ano?”

“It’s not a joke.”

“Fine. Congrats in advance to the groom-to-be!”

6



"Hey, baby, look what I have around my finger!" Itinaas ni Leon ang kamay at ipinakita kay Valeria ang suot na wedding ring—a classic white gold wedding ring. Simple lang ang design niyon. Hindi na siya pumili ng masyadong intricate ang pagkakagawa, tutal hindi naman totoo ang kasal sa tunay na kahulugan ng salitang iyon.

Ilang araw pa lang matapos idaos ang kasal nila ni Dixie. Nag-check-in sila sa hotel sa Vegas ng kanyang asawa at magpapalipas ng ilang araw pa bago bumalik ng Pilipinas para mas kapanipaniwala. Kunwari honeymoon nila.

Kanina pa tulog si Dixie. Siya naman ay ka-video call si Valeria via *FB Messenger*.

The wedding ceremony was quick. The kiss was obligatory. Wala siyang makapang malisya para sa babaeng pinakasalan. They had a simple celebration after the wedding. Hindi para i-celebrate ang kasal kundi para i-celebrate ang tagumpay ng mga plano nila. He wondered what it would feel like if the wedding was real and if he genuinely loves his

bride? Dama niyang malapit na niyang malaman kung ano ang pakiramdam niyon.

Naudlot ang akmang pagsubo ng popcorn ni Valie. Napasinghap ito at naitakip ang isang kamay sa bibig, namimilog ang mga mata. Hindi makapaniwala ang dalaga sa nakikitang wedding ring na nasa palasingsingan niya.

“For real? May asawa ka na talaga?” Pinagpag nito ang kamay at tinitigang maigi ang singsing. “Ilapit mo nga sa camera para makilatis kong mabuti.”

“You’re eating popcorn again, Valie. Anong oras na ba diyan sa Pilipinas ngayon? Hindi ka na naman kumain nang maayos?” nakasimangot niyang sita sa dalaga sa halip na sagutin ito.

She stuck out her tongue, iniinis siya. “Pakialam mo ba? So totoo ngang may asawa ka na? Patingin ng singsing.”

“Yeah, s’abi ko naman sa ’yo, di ba? Ikaw lang ’tong ayaw maniwala,” he said proudly. Inilapit niya sa webcam ang kamay.

“Oh my, God! I can’t believe this!” Pumalampak ito. “Congrats!” Gumuhit ang matamis na ngiti ni Valeria at napatitig siya sa mga labi nito.

Her lips were full and inviting. Kabisado na niya kung gaano kalambot ang mga labing iyon at kung

gaano iyon kasarap halikan. Would he still get the chance to kiss her again when he gets back to the Philippines? Naipilig niya ang ulo. Siyempre hindi na dapat. Sa mata nito ay may asawa na siyang tao. Nagawa na niya ang step one para buwagin ang abnormal nilang setup. Ang kailangan na lang ngayon ay mapangatawanan niya ang desisyon. Natitiyak niyang kakayanin niya.

Mayamaya ay nanulis ang nguso ni Valeria. “Ibig sabihin pala ay evicted na ako sa bahay mo? Kailan ka ba uuwi at nang mahakot ko na ang mga gamit ko?” Ipinagpatuloy nito ang pagkain ng popcorn.

Pumalatak siya. “May susi ka sa bahay ko, Valeria.”

She grinned. “Oo nga pala. Okay!” Ngumiti ito at ipinagpatuloy ang pagkain ng popcorn.

Okay? There’s this tiny voice in his head, annoyed. Hindi niya maintindihan kung bakit nagsisimula na siyang mairita sa reaksyon ng dalaga. Parang ang laking tuwa nito na nag-asawa na siya.

“Pupunta ako sa bahay mo bukas para hakutin ang mga gamit ko. Magpapatulong na lang ako kina Manang Aida at Fe. Sa kanila ko na rin iiwan ang susi ng bahay mo. I think I won’t be needing

it anymore.”

Tumaas ang mga kilay ni Leon. “Make sure to bring all your underwear with you.”

“Aye aye, captain! Wala akong ititira kahit isang piraso.” Humagikgik pa ang dalaga.

“Baka may maiwan ka pang nakasuksok sa sofa riyang?”

“Sisiguruhin kong wala. Sige na, it’s your honeymoon night. Enjoy your midnight snack—your wife chili con carne. Chili with sex meat for f*cking all night.” Tumawa ito.

Napailing siya. “Your mouth is just as foul as mine.”

“Kanino pa ba ako magmamana? Ano ba, sige na, ibaba mo na. Nasaan ba ang asawa mo?”

Sleeping, kamuntikan na niyang sabihin. Mabuti na lang at napigilan niya ang sarili. “In the shower. Kanina pa nga ako tinatawag. I’ll join her in a sec,” pagsisinungaling niya.

“Then, go! Don’t keep her waiting.”

Hindi niya maipaliwanag kung bakit ayaw niyang tapusin pa ang pakikipag-usap kay Valeria. Ang alam lang niya, na-miss niya ito. Palagi naman. Kapag hindi sila nagkikita ay nami-miss niya ito.

He let out a low frustrated growl. Ito na ang epekto sa kanya ng abnormal nilang setup. Kapag

tumagal ay hindi na siya makakaalis pa. It was now or never.

“Okay, ’bye.”



Parang may nagbago sa bahay niya. Iyon ang pinakaunang bagay na pumasok sa isipan ni Leon nang ilibot niya ang mga mata sa kabuuan ng bahay.

The house looked different. Parang may nawala. Hindi na iyon katulad ng dati. Ibinaba niya ang maleta sa sala at tinawag ang dalawang kasambahay.

“Manang Aida, Manang Fe, may binago ba kayo rito sa bahay? Sa puwesto kaya ng mga kagamitan?” pag-uusisa niya.

Sa tingin niya ay hindi naman nagalaw ang mga kasangkapan. Kung ano ang puwesto ng mga iyon noong umalis siya ay ganoon pa rin ngayon. But there was this strange feeling that something was missing and it was overwhelming.

“Wala naman ho, Sir,” sabay na sagot ng dalawa, nagtataka.

“Really? Because the house feels... different.” Halos pabulong na lang ang pagkakasambit niya sa huling kataga. Hindi na iyon umabot sa pandinig ng dalawang kasambahay.

“Ay, Sir, naghakot na po pala ng gamit kahapon si Ma’am Valeria. Inubos po lahat, walang iniwan. Maging ang lumang toothbrush, dinala,” naalalang banggitin ni Aida.

His chest suddenly tightened. Parang may dumaklot sa dibdib niya. Lumingap siya sa paligid. Wala na ang nakakalat na gamit ni Valeria. His heart hammered painfully in his chest. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Naalala niya ang napag-usapan nila noong nakaraan...

“Pupunta ako sa bahay mo bukas para hakutin ang mga gamit ko. Magpapatulong na lang ako kina Manang Aida at Manang Fe. Sa kanila ko na rin iiwan ang susi ng bahay mo. I think I won’t be needing it anymore.”

“Make sure to bring all your underwear with you.”

“Aye aye, captain! Wala akong ititira kahit isang piraso.”

“Baka may maiwan ka pang nakasuksok sa sofa diyan?”

“Sisiguruhin kong wala...”

Hindi nga nag-iwan ng kahit isang gamit nito ang dalaga. Sinimot nitong lahat.

Hinawakan siya ni Dixie sa braso. “Leon, okay ka lang ba?”

Napalingon siya sa ‘asawa.’ “What? Yes! Of

course I'm okay. Why wouldn't I be? Tara, ipapakita ko sa iyo ang magiging kuwarto mo habang dito ka nakatira sa bahay ko." Inihatid niya sa bakanteng guest room si Dixie. Kulay krema ang dingding ng naturang silid. Simple lang iyon pero maaliwalas at malapad. May sariling banyo ang kuwarto. May TV rin sa loob ng silid na wall mounted.

"So you like it?" tanong niya kay Dixie.

"Oo naman. Napakaganda," sinsero nitong tugon pero ang ngiti sa labi ay tipid na tipid. Lumamlam ang mga mata ni Dixie at tila saglit na naglakbay sa kung saan ang diwa nito. Alam niyang naiisip na naman nito si Wolf.

Hindi madali ang pinagdadaanan ng babae at nakahanda siyang damayan at tulungan ito sa abot ng makakaya niya.

Inabot niya ang kamay ni Dixie at marahan iyong pinisil. "Everything's gonna be fine, Dix." Everything's gonna be fine..."

Parang sa sarili niya gustong sabihin iyon.

Tumango ito. "Thank you, Leon. Hindi ako nagsisising pumayag ako sa inalok mong kasal. Napakabuti mong kaibigan."

7



"Ma'am Valie, paano ka rito? Wala kang kasama kung aalis ako," nababahalang sabi ni Azul.

Alumpihit ang babae sa couch ng bar. May tumawag dito kanina at pinauuwi ito, emergency daw.

She laughed at her. Itinaas niya ang kamay. "Don't worry about me, Azul. I mean, look at me, mukha ba akong eighteen years old sa paningin mo? I am twenty-f*cking-eight years old! Mas matanda pa nga ako sa 'yo!" Tumawa ulit siya, a little tipsy.

Umungol si Azul, kakamut-kamot sa batok. "Lasing na ho kasi kayo, Ma'am. Ihatid ko ho kaya muna kayo sa bahay ni Sir Leon? Nakabalik naman na po sila rito sa Pilipinas, hindi po ba?"

"No, no, no! I'm genuinely happy for my ex-lover. He has finally settled down! Can you believe that? My a*shole of a f*ck buddy has settled down! Ayaw kong sirain iyon. Only flings are okay to ruin." Pilya niyang nakagat ang pang-ibabang labi, ngiting-ngiti. "I'm sorry I can really be evil

sometimes. Pero madalas mabait ako, kaya kung relasyon ng mag-asawa ang masisira nang dahil sa akin? No freaking way! I cannot allow it. Over my dead yummy body.” Humagikgik siya at tinapik-tapik pa ang balikat ni Azul.

Totoo ang lahat ng mga sinabi niya. Masaya siya para kay Leon kahit na sabihin pa ng ibang tao na nagpapakaipokrita lang siya. Gusto niyang matawa na lang. Bakit, hindi ba puwedeng hindi siya umibig sa ex niya? Minahal naman niya ito. Noon. Matagal na niyang tinanggap na hindi sila ang para sa isa’t isa. Ewan ba niya kung bakit pinagdidiinan pa rin ng iba na may nararamdaman pa siya para sa dating nobyo. What they shared romantically had already ended a long time ago.

“Yummy ako, di ba, Azul?” kulit niya sa babae, namumungay ang mga mata.

“Oo, sobra po, Ma’am.”

Bumunghalit siya ng tawa. “You really are good for my ego.”

Naihilamos ni Azul ang mga palad sa mukha. Muling tumunog ang cellphone nito kaya lalo itong nataranta.

“Azul, you can go now. Palagi ako sa bar na ito. I’m safe here. Right, David?” Nilakasan niya ang boses nang dumaan ang waiter.

“Yes, Ms. Valeria.”

“David, ikaw na ang bahala sa boss ko ha. Kapag may nangyaring masama diyan, lagot ka sa akin. Magaling akong mag-arnis. Kapag napahamak ang boss ko, dila mo lang talaga ang walang latay!”

Ngumiti lang ang lalaki at tipid na tumango. Mayamaya ay tuluyan nang nagpaalam si Azul.

Nakadalawang baso pa si Valeria ng alak bago siya nagdesisyong lumabas na.

She was a mess as usual, kaya naiintindihan niya kung bakit ayaw siyang iwanan ni Azul kanina.

Naupo siya sa sidewalk malapit lang sa kotse niya. Sa sobrang kalasingan ay ni hindi niya mabuksan ang sasakyan niya. She threw her keys away, frustrated.

Saan siya pupunta? Hindi puwede kay Leon. Puwede naman siyang umuwi na lang, pero hindi siya sanay. Nasanay siyang palaging natutulog sa bahay ni Leon kapag nalalasing. At paano ba siya makakauwi sa sitwasyon niyang iyon?

Tawagan kaya niya uli si Azul at pabalikin? No!

Kausapin kaya niya si David? Mas hindi okay. Crush siya ni David eh, baka hindi pa makapagpigil ang mokong at mapalo nga ito ng arnis stick ni Azul.

“Miss, are you okay?” tanong ng isang

estranghero, baritono ang tinig.

Nag-angat siya ng mukha. Guwapo ang lalaking nakatayo sa harapan niya.

“Hindi ako pokpok, ah,” pauna niya agad. Mahirap na at baka mapagkamalan siya.

Halatang nagulat ang lalaki pero mabilis ding natawa. “I know, and don’t worry, you don’t look like one.”

“Mabuti naman. Baka presyuhan mo ako, eh.”

“Ano ba kasi ang ginagawa mo rito sa labas?”

“Ikaw ba, ano ang ginagawa mo at kinakausap mo ako?” balik-tanong niya rito, nakataas ang kilay. “I don’t talk to strangers.”

Tumaas ang magkabilang kilay ng binata, halatang napapantastikuhan sa kanya. “Alright, let me introduce myself to you. I’m Esmael. Malapit lang ang condo ko rito. I was just gonna grab some instant noodles.” Itinuro nito ang convenience store sa likurang banda niya.

“Ohhh,” was all that she could say, nilingon ang store.

“I think you need a cup of coffee. Huwag kang mag-alala, may security guard. You can scream anytime. Hindi kita magagawan ng masama sa loob.” Ngumiti ito sa kanya.

“Okay, just coffee.”



“Manang Fe, bakit wala tayong garlic bread? Wala rin tayong stock ng popcorn at papaya. Magta-tantrums na naman si Valie kapag wala ang mga paborito niya,” wala sa loob na sabi ni Leon sa kasambahay, hinahalughog ang mga cabinet sa kusina at tiningnan din ang fridge.

Nang matapos maghalungkat ay sumandal siya sa kitchen island at nagsalin ng malamig na tubig sa baso. Inubos niya kaagad iyon. Pawis na pawis pa siya mula sa isang oras na pagtakbo, basang-basa na ang kanyang puting T-shirt.

He was wearing a simple white shirt and a pair of *Under Armour* sportstyle black woven pants. Alas seis ng hapon na siya nagsimulang tumakbo para hindi na mainit at marami naman siyang nakikitang nagja-jogging sa subdivision nila nang ganoong oras.

Nagpalitan ng makahulugang tingin sina Manang Fe at Manang Aida. Tumikhim ang huli at piniling ito ang sumagot. “Sir, hindi naman na kasi nagagawi rito si Ma’am Valeria simula nang mag-asawa na kayo.”

Natigilan si Leon. “Oh yeah, that’s not...” He sighed. “I mean, kumakain din naman ako ng garlic bread, et cetera, you know. So, bakit inalis

sa grocery list? Ang Ma'am Dixie n'yo, I'm sure kumakain din siya ng mga iyon."

"Hindi po kasi mahilig sa mga pagkaing nabanggit n'yo si Ma'am Dixie."

Bumuntong-hininga siya, atubiling ngumiti. "Basta ibalik n'yo na lang sa grocery list," naiiling niyang sagot. Kahit ang totoo'y natatakot na siya sa mga nangyayari sa sarili niya.

He was beginning to miss Valeria so bad. Noon naman ay normal na sa kanilang hindi magkita. Pero kampante siya dahil alam niyang babalik at babalik ito. But now... he had this choking feeling that she won't be coming back anymore.

Ito na ang chance niyang makahanap ng babaeng posibleng asawahin nang totoo. His plan actually worked! Pero bakit si Valeria ang laman ng isipan niya?

"Ano'ng nangyayari rito, Manang Aida?" tanong ni Dixie pagkabungad nito sa pintuan ng kusina. Galing itong opisina sa dati pa rin nitong pinagtatrabahuan.

His wife was just as breathtakingly beautiful as Valeria, pero bakit nililigalig ni Valie ang isipan niya?

"Nothing. May pinag-uusapan lang kami," kaila niya. "So, how's work?"

Napailing lang ang babae. “Same old, nagsusungit pa rin ang lokong Wolf magmula nang makita ang pictures ng kasal natin. Nag-viral nga kasi.”

“O?” Iniwan niya sa dining ang asawa saka pumanhik sa kuwarto niya. Binuksan niya ang laptop. He checked all their wedding pictures that had circulated online.

May isang partikular na litratong naging laman ng front page ng mga newspapers. Kuha iyon nang ianunsyong mag-asawa na sila ni Dixie at puwede na niyang halikan ang bride sa labi. The kiss was without malice, which lasted for only a second or two. Pero hindi naman maipapaliwanag ng litrato iyon. In the picture, they looked genuinely in love with each other.

He paused. Nakita na ba ni Valeria ang mga pictures? Nagseselos ba ito kaya hindi na nagpapakita sa kanya? Hindi siya mapakali. Dinampot niya ang cellphone at tinawagan ang dalaga. Busy ang line nito.

“What the f*ck?” Kung ayaw nitong magpakita, di huwag! Inis na inis siya at gusto niyang pilipitin ang leeg nito. Hinding-hindi na niya talaga ito tatawagan! Magkamatayan na!



“Valie, please, ngayon lang. Hindi mo man lang ba ako na-miss?” sumamo niya.

Kausap niya sa telepono si Valeria. Hindi rin siya nakatiis kanina at hindi ibinaba ang phone hangga’t hindi sumasagot ang dalaga. Halos mag-usok na iyon sa kaka-redial niya pero hindi talaga niya tinantanan.

“Hindi nga puwede, may lakad ako. Muntanga ’to.”

Walang bakas ng sama ng loob sa tinig ng dalaga. Nagtatampo nga ba ito? Nagseselos kaya? Gusto niyang mabaliw sa pag-iisip.

“Sige na please. Ang tagal na nating hindi nagkikita.”

“You’re weird. Palagi naman tayong ganito. Magkasama ngayon, tapos biglang hindi na naman. Buntis na ba iyang asawa mo at pinagsusungitan ka dahil naglilihi na, kaya natataranta ka diyan at kailangan mo na naman ng tulong ko?”

“No! I just... I just...” Ano nga ba ang talagang dahilan niya? Why did he want to see Valie? “Just because. Please, say yes.”

Nagbuga ng hangin sa kabilang linya ang dalaga. “Fine, pero isasama ko ang ka-date ko.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Leon. Hindi niya namamalayang kuyom na kuyom na pala ang

kanyang kamao. “Date? You have a date?”

Hindi siya makapaniwala. The last time she went out on a date was what? Hindi na niya matandaan. Panahon pa ni Bruce sa buhay nito. At wala naman siyang pakialam sa phase na iyon ng buhay ni Valeria dahil nasa equation ang isang Bruce.

“Yes.”

“Bakit?”

“Anong bakit? Ikaw lang ba ang may karapatang makipag-date? Ngayon na nga lang ako lumandi after Bruce.”

“Exactly! And that’s all the more reason why I wanna know the guy. Sino? Kilala ko ba?”

“I don’t know. Malay ko. Pero mabuti na nga sigurong magkita tayo mamaya para maipakilala ko siya sa ’yo.” Humagikgik pa ito na tila kilig na kilig.

His teeth clamped together. Kung hindi pa niya alam noon ang totoong ibig sabihin ng pagdidilim ng paningin, ngayon ay alam na niya.

8



Gustong magalit ni Leon dahil sa hotel kung saan paborito nilang mag-breakfast buffet dinala ni Valeria ang ka-date nito. Pagkasabi pa lang nito sa kanya kanina kung saan sila magkikita ay uminit na ang ulo niya.

“Sino iyang kasama mo?” Pasimple niyang siniko sa tagiliran si Valeria at tiningnan ang plato nito. Ganoong-ganoon pa rin ang laman, the usual bacon, scrambled egg, chicken sausage, and potato frittata. Teka, nasaan ang garlic bread?

He frowned. Kulang ng garlic bread. Paano ba nito nakalimutan ang paborito nito? Kusang inabot ng kamay niya ang isang slice ng garlic bread at inilagay sa plato ng dalaga kagaya ng palagi niyang ginagawa kapag magkasama sila.

“Hey! No,” saway sa kanya ni Valeria. Inilipat nito ang garlic bread sa plato niya at inilayo ang plato nito.

Tumaas ang mga kilay ni Leon. “What? Garlic bread, ayaw mo?”

“Not today, baka mag-amoy bawang ang hininga ko at ma-turn off sa akin si Esmael.” Her

eyes were dreamy. Sa sobrang ningning ng mga mata nito, nangangati siyang dukutin ang mga iyon.

“Esmael? That guy?”

Lalong kumislap ang mga mata nito at tinapunan ng tingin ang ka-date na nakaupo sa mesang inokupa nila malapit sa entrance. “Yes, my Esmael. Mine. He’s a pilot,” nakangiti nitong sabi. “Isn’t he amazing? Alam mo kasi noong bata pa ako, pangarap ko talagang makapag-asawa ng piloto.”

“Wow. Destiny.” His voice was sarcastic. Pero mukhang hindi iyon napapansin ni Valeria, abalang-abala ito sa kakasulyap sa isinama nitong lalaki. “You really think it was destiny that led you to that guy?”

“Yes! Nakakatuwa. Ramdam ko, Leon, ito na iyon.”

“Kailan lang kayo nagkakilala ng lalaking iyan?” mapakla niyang tanong, hindi itinago ang kawalan ng interes sa paksa. Nilagyan niya ng papaya ang plato ni Valeria. Hindi naman ito nagreklamo.

“Nito lang. I got drunk in a bar. Sa ’yo dapat ako pupunta kaso naalala kong may asawa ka na pala. I didn’t know what to do or where to go. Ni hindi ko alam kung paano ako makakauwi. I was so drunk. Siya ang nakakita sa akin. Super gentleman.

Sobrang bait niya. He didn't take advantage of me. Nagkape lang kami talaga. We talked for hours. Hindi siya boring kausap. Hindi nga siya napikon sa akin kahit na nagsuplada pa ako sa simula."

"Naglasing ka sa bar nang nag-iisa?"

"I was with Azul."

"And she left you alone in that bar?" nanggagalaiti niyang tanong. "Remind me to slit her throat when I see her!" Nagagalit siya sa empleyada nito. Kung hindi iniwan ni Azul si Valeria sa bar na iyon nang nag-iisa, di sana walang Esmael na nagpapasakit sa ulo niya ngayon.

Tumawa ang dalaga. "Ako ang nag-insist na umuwi na siya. May emergency sa kanila nang gabing iyon."

Gusto niyang intindihin si Azul pero hindi niya mapawi ang nag-uumapaw na inis sa dibdib para rito. He was becoming unfair and unreasonable.

"Besides, nagpapasalamat pa nga ako kay Azul. Kung hindi siya umuwi nang maaga, I wouldn't have met my Esmael."

Natabig ni Leon ang platitong nasa buffet table at nahulog. Nabasag iyon.

Nanlaki ang mga mata ni Valeria. "Hoy, para kang tanga. Nabasag mo!" Humagikgik ito. Wala itong kaalam-alam sa nangyayaring digmaan sa loob niya. Hindi nito alam na kanina pa niya

gustong sumabog. Kanina pa lang nang dumating ito kasama ang ipinagmamalaki nitong Esmael ay nagdilim na ang paningin niya.

“Hey! Ano ba ang nangyayari sa ’yo? May mens ka ba?” biro nito.

Hindi niya makuhang tumawa. Naiinis siya sa dalaga at kumukulo ang dugo niya para sa ka-date nito.

“Aalis na ako.” Bago pa siya makagawa ng bagay na tiyak na pagsisisihan niya sa huli ay aalis na lang siya.

“Aalis? You haven’t even started eating yet!”

“Nawalan na ako ng gana. Mag-enjoy ka sana kasama ng piloto mo.” Humakbang siya pero muli ring binalikan ang nagtataka pa ring dalaga. “Sana mabilaukan ang kasama mo!” hirit pa niya bago tuluyang tumalikod.



“Sobrang sarap niyang kausap, napakabait niya, wala akong maipintas sa kanya!” masayang pagkukuwento ni Valeria.

Gusto niyang magalit. Si Esmael na naman ang bukambibig ng babae. Puro na lang si Esmael! Hindi ba nito napapansing wala siyang gana sa paksa? Hindi ba talaga nito nakikitang naiirita siya kapag nagkukuwento ito tungkol kay Esmael?

Magkatabi sila sa sofa. Sobrang na-miss niya

ito. He missed her voice, her cherry blossom scent, everything about her.

Binuksan niya ang TV, connected na iyon sa phone niya. Manonood sila ng *Supernatural*. Pinuntahan niya ito sa bahay nito kanina at sinundo dahil mukhang wala na talaga itong planong tumapak man lang sa bahay niya. Halos hilahin pa niya ito para sumama lang sa kanya.

“Ayaw ko na niyan,” ingos ni Valeria.

Nagsalubong ang magkabilang kilay niya. “What? Why? Isn’t this your favorite?”

“Not anymore. May iba na kaming paboritong panoorin ni Esmael. Luma na raw ang *Supernatural*. He suggested *Kingdom*, 2019 South Korean TV series.”

“Iyong zombies ba iyon? Di ba ayaw mo sa zombies?”

She chuckled. “Gusto ko na ngayon, bakit ba? Masyado kang kontrabida.”

Si Valeria na ang umagaw sa controller at tinipa ang *Kingdom* sa search box. Habang abala ito ay matiim niyang pinakatitigan ang dalaga.

Napalunok siya. “M-may nangyari na ba sa inyo ng... ng Esmael na iyan?”

Bumaling ito sa kanya, nanlalaki ang mga mata na tila napapantastikuhan. “What?” Tumawa ito. “Wala! Bakit ba?”

Nakahinga siya nang maluwag, saka tumikhim. “Sa mga nakalipas na taon, m-may nakatalik ka bang iba maliban sa akin?”

Kumunot ang noo ni Valeria. “Wala. Ikaw lang.”

“Ako ang nakauna sa ’yo, Valie, pero wala na bang sumunod? Sa loob ng sampung taon, ako lang ba talaga?”

“Ang weird ng mga tanong mo. Ano ba ang nangyayari sa ’yo?”

“Just answer me,” seryoso niyang sambit. There was no humor in his eyes.

“Wala nga. You are acting strange. May problema ba kayo ng asawa—”

Hindi na nito natapos ang sasabihin dahil kinabig na niya ang dalaga at sinakop ang mga labi nito. Mapusok. Mainit. Naghahanap. His kisses were bruising her lips. Itinulak niya pahiga sa sofa si Valeria at mabilis na kinubabawan. He tore her blouse apart. Sinakop ng mga kamay niya ang dibdib nito.

“Sir Leon, handa na po ang hapunan—ay!” Nagulat si Manang Aida sa naabutang tagpo. Mabilis itong tumalikod at hinila si Manang Fe pabalik ng kusina.

Nanlaki ang mga mata ni Valeria. Itinulak siya nito pero hinuli niya lang ang mga kamay ng babae

at dinala sa uluhan. Wala siyang pakialam kung nakita man sila ng kasambahay. He needed to be inside her. Para siyang asong nauulol at nag-iinit. His breathing was ragged.

“Leon, ano ba! Get off me!” saway sa kanya ng babae.

He looked straight into her eyes. “No!” madiin niyang tanggi.

“May asawa ka na! Hindi na natin puwedeng gawin ’to! Ano na lang ang sasabihin ng mga kasambahay mo? Nagtataksil ka sa asawa mo!”

Nagpumiglas ito. Pero habang nagpupumilit makawala ang babae ay lalo namang umiigting ang hangarin niyang maangkin ito.

“Leon, stop!” asik nito saka siya tinuhod sa pagitan ng kanyang mga hita. Napahiyaw siya sa sakit at nahulog sa sahig.

Mabilis na bumangon si Valeria, nanlalaki ang mga mata. “Ano ba ang nangyayari sa ’yo? Huwag kang magpapakita sa akin hanggat hindi mo inaayos ang sarili mo!”

Tumalikod na ito at padabog na lumabas ng bahay. Malakas pa nitong kinabig pasara ang pinto.

Gusto niyang habulin si Valeria pero namimilipit pa siya sa sakit.

“F*ck!” he cursed crisply.